

Pag-unawa at Pagkilala sa Pang-aabuso

Ang tip sheet na ito ay kasama sa presentasyong “Pag-unawa at Pagkilala sa Pang-aabuso.”

Mga Uri ng Pang-aabuso

Ang pang-aabuso ay anumang aksyon kung saan sinadyang gawan ng kasamaan o saktan ng isang tao ang iba. Maraming uri ang pang-aabuso. May limang pangunahing uri ang pang-aabuso:

1. Pisikal na Pang-aabuso
2. Emosyonal na Pang-aabuso
3. Sekswal na Pang-aabuso
4. Pinansyal na Pang-aabuso
5. Pang-aabuso sa pamamagitan ng Pagpapabaya



Ang pang-aabuso ay magpapabago sa paraan ng pagtrabaho ng utak at katawan. **Kailangang isumbong ang lahat ng pag-aabuso.**

1. Pisikal na Pang-aabuso

Ang pisikal na pang-aabuso ay kapag ang isang tao ay nagdudulot ng sinadyang pinsala sa katawan ng ibang tao. Maaaring kabilang dito ang pagsapak, pagsampal, pagsuntok, pagsipa, pag-alog, pagsunog, at pagkagat.

Narito ang Ilang Palatandaan ng Pisikal na Pang-aabuso:

- Hindi maipaliwanag na mga pasa, sugat, kalmot, o mga galos
- Nabaling mga buto o iba pang mga pinsala
- Napunit o may dugong pananamit
- Pamamaga
- Mga problema sa paghinga mula sa pagkalunod, pagka-suffocate, o pagkalason

Mapagkukunan ng Impormasyon sa Pisikal na Pang-aabuso:

- <https://au.reachout.com/articles/what-is-physical-abuse>
- <https://www.betterhelp.com/advice/abuse/what-is-physical-abuse-and-how-do-you-identify-a-victim/>

2. Emosyonal o Sikolohikal na Pang-aabuso

Ang emosyonal na pang-aabuso ay kapag sinusubukan ng isang tao na kontrolin ang iba sa pamamagitan ng pagpuna, panghihiya, pinapahiya, sinisisi, o minamanipula ang mga ito. Minsan ang emosyonal na pang-aabuso ay maidudulot sa isang tao bilang bunga ng ibang mga uri ng pang-aabuso.

Narito ang Ilang Palatandaan ng Emosyonal na Pang-aabuso:

- Biglang takot sa isang tao o lugar
- Paiba-iba ng mood o depresyon
- Hindi makatulog, mga bangungot
- Pag-alis mula sa mga sitwasyong panlipunan tulad ng paaralan o trabaho

Mapagkukunan ng Impormasyon sa Emosyonal o Pisikal na Pang-aabuso:

- <https://www.relias.com/blog/verbal-abuse-impact-on-people-with-disabilities>
- <https://www.verywellmind.com/identify-and-cope-with-emotional-abuse-4156673>

3. Sekswal na Pang-aabuso

Ang sekswal na Pang-aabuso ay anumang uri ng di gustong sekswal na gawain, karaniwang nag-uugnay ng pisikal na kontak. Nagaganap ang pang-aabuso kapag gumagamit ng lakas ang isang tao, nananakot, o sekswal na nananamantala sa ibang tao na hindi tumututol o hindi makakatutol.



Narito ang Ilang Palatandaan ng Sekswal na Pang-aabuso:

- Pananakit o pagdurugo sa ari o puwit
- Napunit o may dugong damit
- Madalas o pabalik-balik na urinary tract infections (UTIs)

Mapagkukunan ng Impormasyon sa Sekswal na Pang-aabuso:

- California Coalition against Sexual Assault: <http://www.calcasa.org/>
- Illinois State kampanya na "Imagines Project" na dokumento sa Mga Babae na May Kapansanan at Pang-aabusong Sekswal (2010): <http://accessingsafe.wpengine.com/wp-content/uploads/2015/06/mini-module-4-education-guide.pdf>

4. Pinansyal na Pang-aabuso o Pananamantala

Ang pinansyal na pang-aabuso ay kapag ang isang tao ay sumusubok na kontrolin ang kakayahan ng ibang tao para makuha, magamit, o mahawakan ang kanilang pera o mga resource. Maaaring magaganap ito sa mga relasyon, o sa pamamagitan ng mga scam online o sa telepono.

Narito ang Ilang Palatandaan ng Pisikal na Pang-aabuso:

- Nawawalang pera o mga credit card
- Hindi nabayarang mga bill, mga abiso ng pagpapaalis o pinutol na mga utility
- Mga pagbabago sa kaugalian ng paggasta o mga pag-withdraw sa ATM

Pinansyal na Pang-aabuso o Pananamantala

- <https://www.verywellmind.com/financial-abuse-4155224>
- <https://nnedv.org/content/about-financial-abuse/>

5. Pang-aabuso sa Pamamagitan ng Pagpapabaya

Ang pagpapabaya ay isang uri ng pang-aabuso, maaari itong magaganap kapag pinabayaang ng mga DPS, magulang, o ibang mga tagapag-alaga ang kanilang responsibilidad na mangalaga sa mga taong nangangailangan ng suporta.

Narito ang Ilang Palatandaan ng Pagpapabaya:

- Madalas na mga UTI
- Hindi maayos, maruming mga damit, buhol-buhol o hindi malinis na buhok
- Kulang sa nutrisyon at nauubusan ng tubig
- Mga medikal na kondisyon na hindi nagagamot
- Kalat, marumi o mabahong amoy sa bahay

Mapagkukunan ng Impormasyon sa Pang-aabuso sa Pamamagitan ng Pagpapabaya:

- <https://www.psychologytoday.com/us/blog/love-and-sex-in-the-digital-age/201904/neglect-is-form-abuse>
- <https://disabilityjustice.org/medical-or-physical-neglect/>

Pag-uusap Tungkol sa Pang-aabuso

Dapat makipag-usap ang mga DSP sa indibidwal tungkol sa kanilang personal na pisikal na mga limitasyon.

Kung napapansin mo ang isang posibleng maabusong sitwasyon,

- Maghanda ng isang checklist ng mga tanong na maitatanong mo
- Maging bukas ang isip at madaling lapitan – bigyan ang indibidwal ng panahon para makasagot sa mga tanong at magtanong ng kanilang sariling mga tanong
- Maging tapat – ang “sugarcoating” ay maaaring hahantong sa higit pang pang-aabuso
- Subukang manatiling kalmado

Pagsumbong sa Pang-aabuso

Kailangang isumbong ang lahat ng pang-aabuso.

Kung sa palagay mo ang sitwasyon ay maaaring mapang-abuso, isumbong ito!

Kung ang pinaghihinalaang pang-aabuso ay nagaganap sa isang lisensyadong pasilidad at humantong sa seryosong pinsala sa katawan, **kailangang abisuhan mo kaagad ang lokal na tapagpatupad ng batas – nang hindi lalampas ang 2 oras** matapos malaman ng reporter ang pang-aabuso



Ang pinaghihinalaang mga insidente ng pang-aabuso/pagpapabaya ay kailangang isumbong sa loob ng **isang araw na may pasok** matapos malaman ang tungkol sa insidente sa rehiyonal na center at sa kahit isa sa iba pang mga ahensya na ito sa Ombudsman

- **Mga nasa hustong gulang at mga matatanda:** Adult Protective Services
- **Mga Bata:** Child Protective Services

Mapagkukunan ng Impormasyon sa Pang-aabuso

Mapagkukunan ng Impormasyon sa Bansa:

- National Domestic Violence Hotline: <https://www.thehotline.org/>
- Stop Abuse for Everyone: <https://www.stopabuseforeveryone.org/>
- End Abuse of People with Disabilities: <https://www.endabusepwd.org/>
- National Grassroots resources: <https://ncadv.org/resources>

Mapagkukunan ng Impormasyon sa California:

- Session 3 ng California DSP pagsasanay: https://www.dds.ca.gov/wp-content/uploads/2019/03/DSPT_StudentYear1FullVersion_20190308.pdf
- Disability Rights California's Abuse, Neglect, and Crimes Against People with Disabilities program: <https://www.disabilityrightsca.org/what-we-do/programs/abuse-neglect-and-crimes-against-people-with-disabilities>
- California Victim Compensation Board: <https://victims.ca.gov/victims/>
- California Partnership to End Domestic Violence: <https://www.cpedv.org/>

Naghahanap ng mga Lokal na Programa?

Tinukoy ng WomensLaw.org ang maraming lokal na mga programa batay sa county sa California: <https://www.womenslaw.org/find-help/ca/advocates-and-shelters/local-programs>